

Mahal Kong Mga Kapatid,

Ikaw at ang mga mananampalataya ng Diocese ng Victoria ang aming pinaka-tatanging yaman. Kinikilala ko na ang kasalukuyang pangyayari ukol sa pang-aabuso ng ilang pari sa Estados Unidos ay seryoso at malaking hamon sa ating pananampalataya at pangako sa simbahan. Lubos kong nauunawaan and inyong pagkabagabag, kaya naman sinasariwa ko ang aking pangako na ang pamayanang katoliko ay matatag at ligtas para sa lahat. Umasa kayo na ang ating “Diocesan Responsible Ministry and Safe Environment” protokol na itinatag noon pa man ay siguradong paka-iingat ang bawat isa.

Sa sulat ni apostol San Pablo sa mga taga Galasya, pinapa-alala sa atin, “maging lingkod kayo sa isa’t isa sa diwa ng pag-ibig (Gal 5:13). Sa tema ngayong taon ng ating Diocesan Appeal, “Serve One Another” pakinggan natin ang hinaing ng mga nangangailangan, sa pamamagitan ng bukas palad at mapagkalingang mga puso, gawin ang makakaya na maglingkod sa isa’t isa na may pag-asa, awa, pasasalamat, pananampalataya at pag-ibig.

Kapag sinikap nating magbigay ng liwanag sa mga liblib na lugar sa ating parokya at gawin ang misyon, tayo ay naglilingkod sa ating kapwa.

Kapag ginagampanan natin ang mga napagkasunduang mga proyekto at adhikain sa ating parokya, tayo ay naglilingkod sa ating komunidad.

Habang ang ating mga kabataan ay nakapag-aaral na ligtas sa malinis at maaliwalas na mga paaralan, nagbibigay ng “sacramental preparation and adult education”, tayo ay naglilingkod sa ating mga anak, kabataan at mga magulang.

Habang tayo ay sumusuporta sa ating mga retiradong kaparian, napag-lilingkuran natin ang mga taong dati’y nag-alay ng kanilang buhay para sa atin. Sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng ating mga puso at bisig, napag-lilingkuran natin ang mga nangangailangan.

Ang donasyon ninyo sa ating taunang apela ay makakatulong na isabuhay ang misyon at pagiging disipulo at higit sa lahat, may matatag na pundasyong pang-pinansyal. Salamat sa inyong taos pusong handog.

Ang ating misyon ay patuloy at hindi matatapos. Ang pondo na ating malilikom sa apelang ito ang makasisiguro na lalaganap pa ang mga programa at adhikain upang maglingkod ang simbahang itinatag ng ating Panginoon para sa bawat isa.

Sa iyong mapagmahal na abuloy, patuloy ang pagkalinga at paglilingkod sa ating kapwa, ngunit higit sa lahat sa ating Poong Maykapal. Ang inyong mga handog sa ating “Journey of Hearts and Hands Appeal” ay pinagsasaligan ng ating mga kasalukuyang gawain. Muli taos puso akong nagpapasalamat sa inyong walang-sawang pag-tulong at pag-kalinga.

Kaisa ni Kristo Hesus,

Bishop Gary Gordon